# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

## Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY NA GINANAP NOONG IKA-28 NG MARSO, 1996, DITO SA SESSION HALL, GUSALING PAMAHALAAN, TAYTAY, RIZAL**

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - | ABC President/Pan. Tagapamatnugot |
| Kgg. George Ricardo R. Gacula II | - | Konsehal |
| Kgg. Nathaniel C. Aguilar | - | " |
| Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr. | - | " |
| Kgg. Ernesto G. Policarpio | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Randy S. San Juan | - | " |
| Kgg. Janet D. de Leon | - | SK President |

HINDI DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Benjamin L. Esguerra, Jr. | - | Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Alfredo S. de Leon | - | Konsehal |
| Kgg. Noel Ireneo E. Reyes | - | " |

- - - - - - - - - - - -

**KAUTUSAN BLG. 7**

**KAUTUSANG NAGSUSUSOG SA KAUTUSAN BILANG 17 SERYE NG 1988, PARTIKULAR SA KAPARUSAHANG NASASAAD DITO.**

SAPAGKAT, noong Marso 26, 1988, pinag-tibay ng Sangguniang Bayan ang Kautusan Bilang 17, na nagsasaad na;

**"KAUTUSANG NAG-TATAKDA NG PATAKARAN AT NAGBABAWAL SA LAHAT NG KABATAANG LALAKE AT BABAE NA WALANG LABING - WALONG TAON GULANG (18) NA GUMALA-GALA, MAG-ISTAMBAY SA MGA LANSANGAN, TINDAHAN, BARBEROHAN O' IBA PANG KAURI NITO, AT SA MADIDILIM NA POOK NA SAKOP NG BAYANG ITO."**

SAPAGKAT, sa Kautusang ito ay nakasaad dito ang sumusunod na kaparusahan:

"Seccion 5 - Ang lahat ng kabataang lalake at babae na walang Labing-Walong taon gulang (18) na lumabag sa Kautusang ito o' alin man sa kauri nito ay parurusahan ng pamimireso ng hindi tataas sa Anim na pung araw (60) at hindi bababa sa Sampung araw (10) o' multang hindi tataas sa halagang Dalawang Daang Piso (P200.00) at hindi bababa sa halagang Isang Daang Piso (P100.00) o' sabay na parusa sangayon sa Kapasiyahan ng Hukuman."

SAPAGKAT, Ang naturang kaparusahan ay lubhang mababa base sa panahon ngayon, kung kaya't minarapat ng Sangguniang Bayan na susugan ito;

SANG-AYON, sa kapangyarihan na ipinag-kaloob ng "Republic Act 7160" na lalong kilala sa katawagan na "Local Government Code of 1991", ang Sangguniang Bayan ay nag-uutos, NA;

Seccion 1 - Ang Seccion 5 ng Kautusan Bilang 17, serye ng 1988 ay sinususugan na;

"Seccion 5 - Ang sino man sa mga ito na mahuli at mapatunayan na lumabag sa Kautusang ito o' alin mang kauri nito ay papatawan ng multang hindi tataas sa halagang Dalawang Libo at Limang Daang Piso (P2,500.00) o' pag-kapiit o' pag-kakulong ng hindi tataas sa Anim na buwan (6) o' sabay na kaparusahan sang-ayon sa kapasiyahan ng Hukuman."

Seccion 2 - Ang Seccion 1, 2, 3 at 4 ay mananatiling may bisa at epektibo;

Seccion 3 - Alin mang Kautusan o' bahagi nito na di-naaayon sa Kautusang ito ay pinawawalang bisa;

Seccion 4 - Ang Kautusang ito ay mag-kakabisa matapos na mapag-tibay;

PINAGTIBAY. ngayong ika-28 ng Marso,1996, dito sa Session Hall,Gusaling Pamahalaan, Taytay, Rizal

ORIGINAL SIGNED

**ANDRES C. CRUZ , JR.**
ABC President
Pan. Tagapamatnugot

**PINATOTOO:**

ORIGINAL SIGNED

**ABGD. EDWIN P. CRUZ**
Kalihim ng Sanggunian

**PINAGTIBAY:**

ORIGINAL SIGNED

**GODOFREDO C. VALERA**
Punong Bayan

files/amy/K732896